SB COPY

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 9/5/23 Time: 2:11 PM

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-82

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT KAGAWARAN NG KALUSUGAN (DOH) – CENTRAL LUZON CENTER FOR HEALTH DEVELOPMENT NA NAUUKOL SA PAGBIBIGAY NG *HEALTH EMERGENCY ALLOWANCE* SA MGA HEALTH CARE WORKERS NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**
**at**
**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang *Memorandum of Agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Kagawaran ng Kalusugan (DOH) – Central Luzon Center for Health Development;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa pagbibigay ng *health emergency allowance* sa mga health care worker;

**SAPAGKA'T,** ang and Batas Republika Bilang 11712 na kilala bilang Public Healh Emergency Benefits and Allowances for Health Care Workers Act at ang Implementing Rules and Regulation (IRR) ay nagsasaad na mabigyan ng mga Health Emergency Allowance (HEA), Sicknessand Death Compensation at iba pang benepisyo para sa mga mangagawa sa kalusugan sa pampublikong sektor or pribadong sektor o Health Care Workers (HCW) sa panahon ng pandemyang COVID-19 at iba pang darating na public health emergency na may retroaktibong aplikasyon simula Hulyo1, 2021;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Seksyon 5 ng kaparehas na Batas ang halaga ng HEA ay dapat mag-iba batay sa kategorya ng pagkakalantad sa panganib ng mga HCW, gaya ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Low risk | ₱3,000.00 |
| Medium risk | ₱6,000.00 |
| High risk | ₱9,000.00 |

**SAPAGKA'T**, ang DOH Administrative Order (AO) No. 2002-0001-A o ang Amendment to the Administrative Order No. 2002-0001 na may pamagat na "COVID-19 Risk Exposure Classification of Healthcare Workers" ay inisyu upang itakda ang mga parametrong tutukoy sa mga panganib ng pagkakalantad ng mga tauhan sa mga pasilidad pangkalusugan na sangkot sa pagtugon sa COVID-19;

**SAPAGKA'T**, ang DOH ay nag-isyu ng AO No. 2022-039, na may petsang Setyembre 2, 2002 na may pamagat na "Supplemental Guidelines on the Grant of Health Emergency Allowance to Eligible Public and Private Health Care and Non-Health Care Workers During the COVID-19 Pandemic Pursuant to the Implementing Rules and Regulations of Republic Act No. 11712" upang makapagbigay ng karadagang patnubay sa pagbibigay ng HEA alinsunod sa RA No. 11712 at IRR nito;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at Lumagda sa *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Kagawaran ng Kalusugan (DOH) – Central Luzon Center for Health Development na nauukol sa pagbibigay ng *health emergency allowance* sa mga health care workers ng Pamahalaang Bayan ng Bustos.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-29 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wayner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ▪ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-29 ng Mayo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim